# HUMANITY NEWS

TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Vol. X No.10 FEBRUARY 2-8, 2026 10.00 ISSN No.: 2672-3034





## Mayor AA, dumalo sa Mayor's Dialogue sa San Juan



# 300 MILLION BUDGET, NAKALAAN PARA SA BAGONG HOUSING PROJECT O PABAHAY SA NAIC CAVITE










## BACOOR LGU, DPWH TACKLE FUTURE PARTNERSHIPS IN COORDINATION MEETING

Mayor Strike B. Revilla, together with City Engineering Office (CEO) Head Engr. Jicky Jutba, met with representatives from the DPWH Regional and District Offices during a coordination meeting held at the Revilla Conference Room on January 27, 2026. The meeting was organized by the City Government of Bacoor through the CEO.


The discussion focused on strengthening coordination between the Bacoor LGU and DPWH, including the possibility

con.on p.2

## PhilHealth at OWWA: Magkapit-Bisig para sa Kalusugan at Kapakanan ng OFWs




## CALAX SECTION SA KAWIT, KONEKTADO NA!





Malapit nang matapos ang Cavite–Laguna Expressway (CALAX) na magsisimula sa Kawit, Cavite at magtatapos sa Biñan, Laguna. Konektado na ang CA-

con.on p.2

ADVERTISE WITH US! Contact Number: 094075029643 E-mail Address: humanitynews@yahoo.com

## 300 MILLION BUDGET...

from page 1

Naghahanda ang Department of Public Works and Highways (DPWH) na isagawa ang konstruksyon ng humigit-kumulang P1.8 bilyong halaga ng pabahay para sa relokasyon ng mga pamilyang informal settler sa Metro Manila, Calabarzon, at Central Luzon ngayong taon.

Sa isang kautusan na inilabas noong Enero 22, inatasan ang mga regional office ng DPWH na mangasiwa sa pagpapatupad ng Comprehensive and Integrated Housing Program (CIHP) at ng resettlement program para sa mga informal settler ng National Housing Authority (NHA), na pinondohan mula sa General Appropriations Act ng 2025.

Pangangasiwaan ng DPWH–Metro Manila ang tatlo sa pitong proyekto na may kabuuang badyet na P700 milyon, kabilang ang CIHP sa San Juan (P300 milyon), CIHP sa Maynila (P200 milyon), at CIHP sa Navotas (P200 milyon).

Sa Calabarzon, pamumunuan ng regional office ang konstruksyon ng multi-purpose building para sa CIHP sa Rosario, Batangas (P300 milyon), pati na ang mga multi-purpose building para sa resettlement program sa Naic, Cavite (P300 milyon) at Lungsod ng Bacoor (P200 milyon).

Samantala, sa Central Luzon, pangangasiwaan ng DPWH ang konstruksyon ng P300-milyong multi-purpose building para sa resettlement program sa San Ildefonso, Bulacan.

Ayon kay Public Works Secretary Vince Dizon, kailangang makipag-ugnayan ang mga regional office sa NHA at iba pang kaugnay na ahensya upang matiyak ang maayos na pagpapatupad ng mga gawaing konstruksyon.

## Mayor AA, dumalo sa Mayor's Dialogue sa San Juan

from page 1

Lumahok si City Mayor Alex "AA" L. Advincula sa Mayors' Dialogue na ginanap nitong Miyerkules, Enero 28, 2026, sa San Juan City, na pinangunahan nina Senator Bam Aquino, Department of Education Secretary Sonny Angara, at San Juan City Mayor Francis Zamora.

Sa nasabing pagpupulong, tinalakay ang Classroom-Building Acceleration Program (CAP) na isang panukalang layong mapabilis ang pagtatayo ng mga silid-aralan upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral.

Ayon kay Mayor AA, patuloy ang kanyang suporta sa mga hakbang na magdadala ng pangmatagalang solusyon sa kakulangan ng mga silid-aralan at magtataas ng kalidad ng edukasyon sa Lungsod ng Imus.




SEE YOU AT GEN. E. TOPACIO ST. NEAR THE TOPACIO COMPOUND IMUS, CITY



**Humanity news publication is an English/Filipino Weekly Published every Monday Province of Cavite**

HUMANITY NEWS TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Main Office: 667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number: 09497849109/09075029643
E-mail Address: humanitynews@yahoo.com
our website: www.humanitynewsph.com

**AURELIO P. BAUTISTA**
PUBLISHER/EDITOR-IN-CHIEF

**LEXTER LUMAS BAGAPORO**
BUSINESS MANAGER

**VER C. BAUTISTA**
EXECUTIVE OFFICER

**KRISTEL. LUMAS**
LAY-OUT ARTIST

**ANTHONY LUMAS**
ACCOUNT EXECUTIVE


All Rights Reserved: No part of this publication may be copied or reproduced or transmitted nor translated in any form for commercial purpose without prior written permission from the publisher and its writers/columnist.


Note: All news articles by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

MEMBER:
PRIME ALLIANCE OF PUBLISHERS, EDITORS, & REPORTERS of the Philippines Inc.
PAPER.Ph Est. 2009

| | |
|---|---|
| Subscription Rates: 1 year 52 Issues | = Php 520.00 |
| Legal Notices: 1 col. Per cm. rates | = Php 160.00 |
| Advertisement Rate: Per column | = Php 200.00 |


# LIBRENG AKLATAN NI BERONG - HANDOG SA KABATAAN NG TAGAYTAY




Matagumpay na ipinagpapatuloy ng Tagaytay City Fire Station, sa pamumuno ng kanilang bagong hepe na si FCINSP ARMAND LEE M ANDRES, ang adhikain nitong palaganapin ang kaalaman tungkol sa kaligtasan sa sunog sa mga Child Development Center sa lungsod ng Tagaytay ngayong taong 2026. Isinasakatuparan ito sa pamamagitan ng kanilang makabagong programang tinatawag na Firetruck Library.

Ang Firetruck Library ay inilunsad noong nakaraang taon at ginawang isang mobile learning hub ang firetruck ng istasyon. Sa pamamagitan nito, naihahatid sa mga bata ang mahahalagang aral hinggil sa pag-iwas sa sunog at pagiging handa sa oras ng sakuna. Bahagi ng programa ang storytelling na isinasagawa mismo ng mga bumbero, gamit ang mga aklat na donasyon mula sa mga mapagmalasakit na mamamayan ng Tagaytay.

Kamakailan, noong ika-26 ng Enero 2026, nagsagawa ang BFP Tagaytay ng Firetruck Library at Open House na nilahukan ng mga mag-aaral ng Kaybagal Day Care Center sa pamumuno ni Barangay Captain Hon. Aman-

con.on p.7

## CALAX SECTION SA KAWIT...

from page 1

LAX flyover section sa CAVITEX sa intersection malapit sa dating Zeus Gas Station.

Sa pagtatapos ng CALAX, asahang bababa sa 30-40 minutes anf travel time ng mga motorista mula Kawit patungong Biñan, Laguna.

## BACOOR LGU, DPWH TACKLE FUTURE PARTNERSHIPS...

from page 1

of entering into a Memorandum of Agreement (MOA) to further enhance collaboration on infrastructure projects within the city.

 This partnership aims to ensure more efficient planning, implementation, and maintenance of public works, ultimately benefiting the people of Bacoor through improved infrastructure and services.

 The initiative reflects the proactive efforts of the City Government of Bacoor in building strategic partnerships to support sustainable development and better service delivery for all Bacoreños.

# A FRESHLY BAKED START

CARD Bank
A Microfinance-Oriented Rural Bank
Bukas, para sa lahat




Iloilo is widely known as the home of the famous Filipino Biscocho, a well loved delicacy, popular for its crispy texture and buttery flavor. Over the years, it has become a symbol of the Ilonggos' dedication to quality and taste.

Juliet Bascoguin, a 65-year-old native of Iloilo, spent more than a decade working for a company before choosing to step away from employment to focus on raising her three children. While staying at home, she put her Technical Vocational (Tech-Voc) training in baking to good use by starting a small bakery, turning her skills into a source of both purpose and livelihood.

**From flour beginnings**

In 1998, 9J's Bakery was established, a labor of love built by nine siblings who worked side by side. With Juliet's expertise in baking, she took the lead in overseeing the bakery's daily operation. Every profit earned was carefully reinvested in quality equipment, ensuring that each loaf and pastry met the bakery's standard for taste and quality. Any leftover bread was turned into pudding, turning potential waste into another delicious treat.


Among the many bread they produced was biscocho, one of Iloilo's famous delicacies. At first, monay was among their best-selling breads. However, as Iloilo became more recognized for its biscocho, demand for their own version grew as well, particularly among tourists seeking the city's signature treat.


As their business thrived, challenges were inevitable, including the rising cost of raw ingredients. At times, this led to misunderstandings with customers, but over time, they came to understand and adapt to the necessary price changes.

"Go lang ng go, ganun naman talaga ang business may ups and down, wag bibitiw at tuloy lang palagi ang laban (Just keep going, that's really how business is, there are ups and downs but don't give up and always keep fighting)," she

con.on p.7

# KADIWA Rice Selling sa Barangay Labac





Matagumpay na naisagawa ang KADIWA Rice Selling sa Labac Covered Court ngayong Biyernes, January 30, 2026. Pinangunahan ng Office of the Municipal Agricultural and Biosystems Engineer (OMABE) at sa patuloy na pagsuporta ni Mayor Rommel Magbilang, ang maayos at organisadong pagpapatupad ng aktibidad para sa mga kwalipikadong benepisyaryo gaya ng Senior Citizens, Solo Parents, 4Ps, at PWDs.

Ang programang ito ay bahagi ng tuloy tuloy na hakbang ng pamahalaang bayan upang masiguro ang abot-kayang bigas at karampatang tulong sa bawat pamilyang Naicqueño.

*(Municipality of Naic)*



**MAKATANG KABITENYO**
**DLSU-DASMARIÑAS AWARDEE**
**MAKATANG KABITENYO 1999**
**F&A.M LINCOLN LODGE # 34**
**DOCTOR OF HUMANITIES (HONORIS CAUSA)**
**DR. AURELIO PAREDES BAUTISTA**

## PAGLAYA

1. May babaing nais ang kanyang paglaya,
Nais na lumaya itong kanyang diwa
Nais na lumaya sa nais magawa,
Nais na lumaya sa takda ng madla.

2. Babae'y lumaya sa takda ng tao,
Lipunan nagbigay sa laya niyang gusto,
Maari na sila ngayong makaboto,
Maari na sila ngayong magtrabaho.

3. At sa opisina sila ay dumami,
Maging sa pabrika'y maraming babae,
Sa mga ospital ang nars ay nagsilbi,
At doon nandalang ang mga lalake.

4. Sa mga gawain braso ang kailangan,
Doon ang lalake'y hari sa larangan,
Ang ibang babae'y gusto ring pasukan
Ang larangang itong kay hirap gampanan.

5. At dahil babae'y nilikhang masipag,
Lalake'y tinalo sa trabahong hanap,
Maraming babae sa trabaho'y tanggap
Lalake'y naiwan nadaig sa sikap.

6. Kaya ang nangyari ay biglang nagbago,
Ang takbo ng ating kinilalang mundo,
Asawang lalake'y wala nang trabaho,
At babae ngayon itong pursigido.

7. Marami na tayong makikita ngayon,
Asawang babae'y pagod sa maghapon
Sa pagtatrabaho upang makaipon
At maitaguyod pamilyang naroon.

8. Gustuhin man nitong maraming lalake
Na sila'y tumulong sa gastos at silbi,
Ano ang gagawin kung walang bakante?
Babae'y lumaya, layang naging imbi.

# Health services brought closer to home for 600+ Imuseños





More than 600 residents of Barangay Malagasang II-C, City of Imus, Cavite benefited from free medical and dental services during a one-day Medical and Dental Mission on January 23. The activity was organized by the Provincial Government of Cavite's Medical Mission Team in partnership with the Office of the Provincial Health Officer, the City Health Office, and the office of Board Member Chelsea Sarno.

A total of 639 individuals availed of general medical services, including X-rays, fasting blood sugar (FBS) tests, and electrocardiograms (ECGs). In addition, 47 patients received dental extractions during the mission.

The event was also graced by Mayor Alex "AA" Advincula along with city councilors, who expressed their support for the program.

Board Member Sarno emphasized the importance of bringing essential health services directly to communities, particularly to those with limited access to healthcare. As added assistance, each patient also received five kilos of rice.

The Provincial Government of Cavite continues to roll out similar health outreach programs across the province as part of its efforts to address gaps in healthcare access, especially in rural and underserved areas.




*Sa pagsalubong sa Bagong Taon, inaanyayahan namin ang mga Treceñong handang ipagdiwang at pagtibayin ang kanilang pag-ibig na makiisa sa LIBRENG KA-SALANG BAYAN 2026 ng Lungsod ng Trece Martires na may temang, Tayong Dalawa Habambuhay!*

*February 14, 2026*

*-10:00 AM*

*Bagong Trece People's Park, Brgy. Lapidario*

*Ito po ay para sa UNANG 250 magkasintahan lamang!*

*ANG MGA KAILANGANG REQUIREMENTS AY MAKIKITA SA LARAWAN (right picture)*

*Hanggang FEBRUARY 2 lamang maaaring magpasa ng requirements sa Office of the City Civil Registrar, 2/F City Hall Bldg., Trece Martires City, Cavite*

*(046) 419-1313 loc. 125*

*FB Page: City Civil Registry Office of Trece Martires*

*Sa Trece Martires, ang pag-ibig ay pinahahalagahan, at ang pangakong habambuhay ay sinusuportahan ng pamahalaan.*

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
FOURTH JUDICIAL REGION
REGIONAL TRIAL COURT
OFFICE OF THE CLERK OF COURT
CITY OF IMUS, CAVITE

**STERLING BANK OF ASIA INC. (A Savings Bank)**
Petitioner-Mortgagee,

- versus  EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118

FC Case No. 19630-25

**JECILY JULIANA ENRIQUEZ ESCORPISO,**
Respondent-Mortgagor.
x------------------------------------------------------------x

NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by **STERLING BANK OF ASIA INC. (A Savings Bank),** petitioner-mortgagee, with principal office at Sterling Bank of Asia Corporate Center, 8004 Ortigas Avenue, Greenhills, San Juan, Metro Manila, against **JECILY JULIANA ENRIQUEZ ESCORPISO,** respondent-mortgagor, with residence and postal address at Lot 30, Block 10, Parksville Residence, Alapan II, Imus City, Cavite and/or Unit 3315, Manila Executive Regency, 1200 J Bocobo St., Ermita, Manila City, to satisfy the mortgage indebtedness which as of October 30, 2025, amounts to **TWO MILLION SEVEN HUNDRED TWENTY-NINE THOUSAND SEVEN HUNDRED EIGHTY-THREE PESOS and 77/100 (P2,729,783.77),** Philippine Currency, including interest and penalty charges but excluding attorney's fees, sheriff's fees, and all other charges incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff IV will sell at public auction on **FEBRUARY 24, 2026 at 10:00 a.m.** or soon thereafter at the main entrance of the Office of the Clerk of Court, RTC-Imus, Bulwagan Ng Katarungan, Aguinaldo Highway, Imus City, Cavite, to the highest bidder, for CASH and in Philippine Currency, the following properties with all the improvements therein, to wit:

**Transfer Certificate of Title No. 057-2023055510**

IT IS HEREBY CERTIFIED that certain land situated in BARANGAY OF ALAPAN II, CITY OF IMUS, PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON, bounded and described as follows:
LOT NO:30 BLOCK NO:10 PLAN NO:PCS-04-028413 PORTION OF: THE CONSOLIDATION OF LOTS 1645 & 6043, IMUS ESTATE; LOT 1642-B, (LRC) PSD-165355; LOTS 1642-C-1 & 1642-C-2, (LRA) PSD-363872; LOTS 1656-A & 1656-B, PSD-04-017696; LOT 1656-C-1, is registered in accordance with the provision of the Property Registration Decree in the name of
Owner: JECILY JULIANA E. ESCORPISO, SINGLE, OF LEGAL AGE, FILIPINO
Address:U3315 MANILA EXECUTIVE REGENCY J. BACOBO ST. ERMITA MANILA

TCT NO.:057-2023055510
Page No.: 2

TECHNICAL DESCRIPTION (Continued from page 1) PSD-04-224039 & LOT 1658-D-1, PSD-04-224038; LRC REC. NO. 8843

BOUNDARIES:

| LINE | DIRECTION | ADJOINING LOT (S) |
|---|---|---|
| 1-2 | NE | LOT 31, BLOCK 10, PCS-04-028413 |
| 2-3 | NE | LOT 33, BLOCK 10, PCS- 04-028413 |
| 3-4 | SE | LOT 32, BLOCK 10, PCS- 04-028413 |
| 4-5 | SW | ROAD LOT 19 (8.00 M. WIDE), PCS-04-028413 |
| 5-1 | NW | LOT 28, BLOCK 10, PCS-04-028413 |

THE POINT: MON. NO. 4, IMUS ESTATE

| LINE | BEARING | DISTANCE |
|---|---|---|
| TO CORNER 1 | S. 85° 43' W | 307.77 M. |
| 1-2 | S. 28° 29 E | 2.00 M. |
| 2-3 | S. 28° 29 E | 2.00 M. |
| 3-4 | S. 61° 31' W | 11.00 M. |
| 4-5 | N. 28 29' W | 4.00 M. |
| 5-1 | N. 61 31 E | 11.00 M. |

**AREA: FORTY FOUR (44) SQUARE METERS.**

All sealed bid must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **MARCH 3, 2026 at 10:00 a.m.** without prior notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the titles to the said properties and encumbrances thereon if any there be.

Imus, Cavite, Philippines, December 13, 2025.

**KATREENA MARIE L. POBLETE**
Sheriff IV

APPROVED:

**ARMIE A. FRANCISCO**
Clerk of Court VI

Copy Furnished:
**STERLING BANK OF ASIA INC. (A Savings Bank)**
Sterling Bank of Asia Corporate Center, 8004 Ortigas Avenue, Greenhills, San Juan City, Metro Manila

**Atty. ANICE SALVI Z. YUMUL**
Third Floor, Sterling Bank of Asia Corporate Center, 8004 Ortigas Avenue, Greenhills, San Juan City, Metro Manila

**JECILY JULIANA ENRIQUEZ ESCORPISO**
Lot 30, Block 10, Parksville Residence, Alapan II, Imus City, Cavite
Unit 3315, Manila Executive Regency, 1200 J Bocobo St., Ermita, Manila City, Metro Manila

**HUMANITY NEWS**
**JANUARY 26, FEBRUARY 2, & 9, 2026**

# PGC marks graduation of Contact Center Services NC II trainees



The Provincial Government of Cavite successfully conducted the Commencement Exercises for the Community-Based Training on Contact Center Services NC II on January 23, at the Function Hall of the New Provincial Government Center, Trece Martires City.

The program was spearheaded by the Office of the Provincial Public Employment and Services Manager (OPPESM) in partnership with the Technical Education and Skills Development Authority (TESDA), highlighting the province's continued commitment to strengthening workforce readiness and employment opportunities for Caviteños.

Ms. Rizalie Pinpin-Enero, Provincial PESO Manager, delivered the welcome remarks, congratulating the graduates and encouraging them to confidently apply the skills they gained during the training.

An inspirational message was delivered by 7th District Board Member Jhon Kester Aldrin R. Anacan, Chairperson of the Committee on Education, together with Provincial Administrator Engr. Gilbert V. Gandia. Both emphasized the importance of technical skills development as a pathway to sustainable employment and economic growth.

Mr. John Ray B. Malaca, Contact Center

con.on p.7



## CAVITE HIGHLIGHTS

By: Yna Palparan Bautista

**Baldomero Baloy Aguinaldo-** Pinsang-buo siya ni Gen. Emilio Aguinaldo at Pangulo ng Magdalo Council ng Katipunan. Itinalaga siya bilang ingat-yaman ng bagong pamahalaang nilikha ng Tejeros Convention.

# Inauguration of the Jose Rizal Monument sa Bagong Trece People's Park







Dumalo po si Mayor Gemma Lubigan sa Inauguration of the Jose Rizal Monument na ginanap sa Bagong Trece People's Park.

Nakasama natin sina Vice Mayor Bobby Montehermoso, ang mga kasapi ng 12th Sangguniang Panlungsod, at ang mga Punong Barangay sa pamumuno ng Liga ng mga Barangay President Abel Montehermoso.

Kasama rin sa aktibidad ang mga opisyal at kawani ng Pamahalaang Lungsod ng Trece Martires, kabilang ang mga Department Heads at Division Heads, gayundin ang mga kinatawan mula sa ilang National Government Agencies at mga Non-Government Organizations.

Lubos ang pasasalamat sa ating mga panauhin, partikular kay Mr. Josef Alec D. Geradila ng National Historical Commission of the Philippines (NHCP), at sa ating Provincial Tourism Officer, Ms. Elinia Imelda Rozelle S. Sangalang, sa kanilang mahahalagang mensahe at pakikibahagi sa okasyon. Gayundin sa ating Office of the City Tourism Officer.

Ang inagurasyon na ito ay patuloy na paalala ng pagpapahalaga sa ating kasaysayan at ng sama-samang paglinang ng diwang makabayan.

# PhilHealth at OWWA: Magkapit-Bisig para sa Kalusugan at Kapakanan ng OFWs

Nagkaroon ng produktibong talakayan noong ika-23 ng Enero 2026, sina PhilHealth President and CEO Dr. Edwin M. Mercado at OWWA Administrator Atty. Patricia Yvonne "PY" Caunan, kasama ang kani-kanilang mga opisyal, sa PhilHealth Head Office sa Pasig City.

Tinalakay sa pagpupulong ang mas pinahusay na kolaborasyon upang masiguro ang dekalidad na serbisyong pangkalusugan para sa ating mga Bagong Bayani. Kabilang sa mga pangunahing agenda ang pagsasaayos at pagpapalakas ng MedPlus Program, gayundin ang pagpapalawak at pagpapahusay ng PhilHealth YAKAP Program para sa OFWs.

Patuloy ang sama-samang hakbang ng PhilHealth at OWWA upang mas maging abot-kamay, mas episyente, at mas ramdam ang mga programang nakalaan para sa ating mga OFW at kanilang pamilya—dito man sa bansa o saan mang panig ng mundo.

Kapag magkaluwang sa iisang layunin, mas napagtitibay ang proteksiyon at serbisyong nararapat para sa bawat pamilyang Pilipino.

# Health Benefits...

## Kaalaman tungkol sa Balatong-aso bilang halamang gamot

Ang balatong aso ay isang halaman na may katamtamang taas na may bahagyang matigas na mga sanga. May bulaklak ito na kulay dilaw, at mga dahon na may matapang na amoy. Ang bunga ay pahaba at kahalintulad ng sampalok na puno ng maliliit na mga buto. Karaniwang tumutubo ito sa mga malalawak na lugar sa mga kabayanan sa buong bansa ngunit orihinal na nagmula sa kontinente ng Amerika. Sa ibang lugar, ang mga buto nito ay tinutusta at ginagawang kape.



*Scientific name: Cassia occidentalis Linn.; Senna occidentalis (L.)*
*Common name: Balatong-aso (Tagalog); Coffee senna (Ingles)*

Ano ang mga sustansya at kemikal na maaaring makuha sa Balatong-aso?

Ang iba't ibang bahagi ng halamang balatong aso ay maaaring makuhanan ng maraming uri ng kemikal at sustansya na maaaring may benepisyo sa kalusugan:

Ang buto ng balatong-aso ay may taglay na olein at margarine, tannic acid, sugar, starch, cellulose, water, calcium sulphate at phosphate, chrysophanic acid, malic acid, sodium chloride, magnesium sulphate, iron, at silica.

Ang mga tangkay ay may taglay naman na alkaloid.

Ang mga dahon ay makukuhanan din ng cathartin.

Anong bahagi ng halaman ang ginagamit bilang gamot, at paano ginagamit ang mga ito?

Ang buong halaman ng balatong-aso ay maaaring gamitin sa panggagamot.

Ang mga bahagi ng halaman ay karaniwang dinidikdik upang ipantapal o pinakukuluan upang mainom at maka-panggamot. Ang mga buto naman ay maaaring gawing inuming kape para rin makatulong sa paggaling.

Ano ang mga sakit na maaaring magamot ng Balatong-aso?

Gastroenteritis. Ang paghapdi ng sikmura dahil sa kondisyon ng gastroenteritis ay matutulungan din ng pag-inom sa pinaglagaan ng dahon at tangkay.

Tuklaw ng ahas. Kadalasang ginagamit ang dinikdik na dahon at mga tangkay ng balatong-aso para gamutin ang sugat ng tuklaw ng ahas.

Rayuma. Ang pinaglagaan ng halaman maaaring inumin para matulungan ang kondisyon ng rayuma.

Dysenteria. Ang malalang kaso ng dysenterya o pagtatae na may kasamang dugo ay maaaring matulungan ng pag-inom sa pinaglagaan ng ugat ng halaman

Gonorrhea (Tulo). Ang pinaglagaan ng ugat din ay mabisa para sa sakit na tulo. Dapat lamang itong inumin nang regular.

Eczema. Ang dinikdik na dahon ng balatong-aso ay maaaring ipantapal sa balat na apektado ng eczema.

Diabetes. Makatutulong naman sa kondisyon ng diabetes ang pag-inom ng tubig na pinagbabaran balat ng kahoy ng halaman.

Buni. Pinangpapahid din sa apektadong balat ang dinikdik na dahon ng halaman.

Pagtitibi. makatutulong naman sa hirap sa pagdumi ang pag-inom din ng pinaglagaan ng halamang balatong aso

## PGC marks graduation...

from page 5

Services NC II Trainer, formally presented the candidates for graduation, followed by the acceptance of candidates by Ms. Mary Katherine L. Casauran, TESD Specialist II of TESDA Cavite.

A total of fifteen successful graduates proudly completed the community-based training program. A message was delivered by Mr. Jerwin Pague, representative from iQor, who highlighted employment opportunities in the contact center industry and reaffirmed the private sector's support for skilled graduates.

The ceremony was further enriched by messages from three graduate representatives, who shared their experiences, expressed gratitude, and conveyed their aspirations as they prepare to enter the workforce.

The activity underscored the Provincial Government of Cavite's sustained efforts to provide accessible, industry-relevant, and community-based skills training through strong partnerships with national agencies and private sector stakeholders.--- OPIO

## LIBRENG AKLATAN NI BERONG...

from page 2

da G. Manalo at ng day care teacher na si Mrs. Floravilla R. Constante. Layunin ng aktibidad na mas mailapit sa mga bata ang kaalaman sa fire safety sa isang masaya at interaktibong paraan.

Kasama sa programa ang interactive storytelling, coloring activities, at mga hands-on na karanasan tulad ng pagsuot ng firefighter gear, pagsakay sa firetruck, at pag-operate ng fire hose sa ilalim ng gabay ng mga personnel ng istasyon. Sa pamamagitan nito, mas naging makabuluhan at kapanapanabik ang pagkatuto ng mga bata, kasabay ng paghubog ng kanilang paghanga at respeto sa propesyon ng pagbobomba.

Ayon sa Tagaytay City Fire Station, ang Firetruck Library ay hindi lamang simpleng programa sa pagbabasa kundi isang hakbang sa pagtatatag ng matibay na pundasyon ng kamalayan sa kaligtasan mula sa murang edad. Lubos namang nagpasalamat ang mga guro at magulang sa isinagawang aktibidad at pinuri ang dedikasyon ng mga bumbero. Ang nasabing programa ay patuloy na isinusulong bilang bahagi ng Oplan Ligtas na Pamayanan, na layong maabot pa ang mas maraming paaralan at daycare center sa lungsod..

## A FRESHLY BAKED START

from page 3

stated.

In 2014, Juliet became a client of CARD Bank, Inc., a microfinance-oriented rural bank under CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI), initially to secure a loan for her child's education. Over time, the bank became more than just a source of school funds, it also provided the additional capital needed to sustain their bakery business.

Through dedication, hard work, and the success of the business, Juliet was able to ensure that all three of her children completed their education. Two are now working in Qatar, while the other became a certified public accountant.

Juliet's story is a reminder that success often comes with struggles. There were highs and lows but she chose to keep going. And by refusing to give up, she proves that perseverance remains the heart of a successful business.

Republic of the Philippines
Fourth Judicial Region
**REGIONAL TRIAL COURT**
**Branch 118 City of Bacoor, Cavite**
2nd floor, Main Square Mall Molino Boulevard,
Bacoor City, Cavite
rtc1bcr118@judiciary.gov.ph / 09159602868

**IN RE: PETITION FOR THE ISSUANCE OF A NEW OWNER'S DUPLICATE COPY OF TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. (057- 2011025953) 167-2016004521 OF THE REGISTRY OF DEEDS FOR THE PROVINCE OF CAVITE (BACOOR BRANCH)**

**LRC Case No: 8843-2025-343**

**MASAITO DEVELOPMENT CORP., represented LORAINE ANN L. CASTRO**
Petitioner

x-----------------------------------------------------------------x

**ORDER**

This is a petition for the issuance of a new owner's duplicate copy of Transfer Certificate of Title (TCT) No. (057-2011025953) 167- 2016004521 of the Registry of Deeds for the Province of Cavite, Bacoor City Branch filed by petitioner through its representative, Loraine Ann L. Castro.

Petitioner alleges that it is the registered owner of a parcel of land situated in Barangay Molino, Bacoor City, Cavite covered by TCT No (057-2011025953) 167-2016004521. Petitioner further alleges that the owner's duplicate copy of said title was lost sometime in January 2025 while it was in the course of arranging its records on file. Consequently, petitioner through its Land Acquisition Junior Supervisor executed an affidavit of loss. It prays that judgment be rendered directing the Register of Deeds to issue a new owner's duplicate copy in its name.

Finding the petition to be sufficient in form and substance, the same is hereby set for initial hearing on **May 4, 2026 at 9:00 in the morning** at which date, place and hour, any interested person may appear and show cause why said petition should not be granted.

Petitioner is directed to cause the PUBLICATION of the copy of this Order at its expense once a week for three (3) consecutive weeks in a newspaper of general circulation in the Province of Cavite. Likewise, petitioner is directed to FURNISH with copies of the petition with annexes the Office of the Registry of Deeds, Bacoor City, the Registry of Deeds for the Province of Cavite and the Land Registration Authority within fifteen (15) days from receipt of this Order and thereafter to submit compliance to this Court.

Let copies of this Order be POSTED in three (3) conspicuous places in the City of Bacoor where the property is situated at least thirty (30) days prior to the aforesaid date of hearing, more particularly at the bulletin boards of the following:

1. Regional Trial Court, City of Bacoor Cavite
2. Registry of Deeds, Bacoor City, Cavite
3. Main Entrance, City Hall of Bacoor City, Cavite

SO ORDERED.

GIVEN IN CHAMBERS, this 5th day of January 2026 in the City of Bacoor, Cavite.

ROMANO M. DIAZ Presiding Judge

Copy Furnished:
**Atty. ERWIN BRYAN S. KANAPI**
Kanapi Law Office and Associates
Counsel for the Petitioner
Rm-201 DRB Bldg., Aguinaldo Highway Palico 4, Imus City, Cavite
Email: atty.erwinbryankanapi@gmail.com


**MASAITO DEVELOPMENT CORP.**
Petitioner
11th Floor, AXA Building, Sen. Gil. Puyat Ave. cor. Tindalo St., Makati City

**REGISTRY OF DEEDS, BACOOR CITY Bacoor City**
Hall, Bacoor Blvd., Bacoor City
Email: rdbacoorcity@gmail.com

**REGISTRY OF DEEDS FOR THE PROVINCE OF CAVITE**
Capitol Compound, Trece Martires City, Cavite
Email: rd. provinceofcavite@lra.gov.ph

**LAND REGISTRATION AUTHORITY**
East Avenue cor. NIA Road, Diliman,
Quezon City Email: records@lra.gov.ph

**HUMANITY NEWS**
**JANUARY 19, 26, & FEBRUARY 2, 2026**



Main Office: 667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number: 09497849109/09127800960
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com
HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY
Annex Office: 24 Sayas St. Sabutan, Silang, Cavite

our website:
www.humanitynewsph.com

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Vol. X No.10 FEBRUARY 2-8, 2026 P10.00

# 220 Na Cabinets na naglalaman ng mga Emergency Supplies Ipinamahagi sa Gen Trias City



Gen Trias City Cavite ----- Ipinamahagi ng lokal na pamahalaan ng lungsod ng Gen Trias sa pangunguna ni Mayor Jon Jon Ferrer ang may 220 Emergency Supplies Cabinets ngayong araw.

Ipinamahagi ito sa mga Paaralan, Barangay Hall at Government Offices kasama din ang General Trias City Jail's Male and female dornitories.

Ang pamimigay ng mga Emergency Cabinet ay bilang hakbang sa pagpapalakas ng kakayahan natin sa agarang aksyon sa tuwing may trahedya o sakuna.

Kumpleto ang nilalaman na pawang mgamahahalagang kagamitan gaya ng megaphone, two-way radio for communication, bolt cutter, lapel microphone, axe, gloves, N95 mask, flashlights, gas mask, fire blankets, first aid kit, tapes for enclosed areas, 2 hard hats, emergency ropes and goggles, throw bag, portable stretcher, at maso.








# Elevate your shopping game!

It's Prestige VIP Week at SM Store Molino and we're rolling out the red carpet just for you.

Enjoy an EXTRA 10% OFF from January 29-Febrary 4, 2026.

The best part? There's NO minimum purchase required—just pure savings on the brands you love!

Offer is valid for both in-store and PS purchases.

DTIR04-CAV046, Series of 2026

# CAVITE CITY NATIONAL SCIENCE HIGH SCHOOL, OPEN NA!






Ngayong January 27, binuksan na ang bagong tayong Cavite City National Science High School, isang pampublikong paaralan para sa mga araling pang-agham na ginawa sa inisyatiba ng City Government of Cavite sa tulong ng Department of Education.

Layunin ng bagong paaralan magbigay additional outlet ng specialized education para sa mga kabataang nais mag-aral ng mga subjects related to science.

Kumpleto ang paaralan na may kasamang mga laboratories at computer hubs na magagamit lalo ng mga estudyante sa kanilang studies.